



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

**SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-56 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA 9
NA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP
NGAYONG IKA-25 NG SETYEMBRE 2017, 1:30 NG HAPON SA BULWAGANG
PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

Mga Dumalo:

Konsehal Cesar T. Baticos - Presiding Officer Pro Tempore
Konsehal David D. De La Cruz
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal John John S. Yason
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Ruel S. Taytay
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Gualberto V. Magno

Hindi Nakadalo: Konsehal Joseph M. Galicia

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 072

Taong 2017


**KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA NG
YUMAONG NAGING PUNONG BAYAN NG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO, KGG. RODOLFO V.
DAYANGHIRANG.**


SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal sa mahabang panahon ng kanyang buhay ay ikinalulungkot at ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;


SAPAGKAT, si Kgg. Rodolfo V. Dayanghirang, sa kanyang malinis na hangaring makatulong sa mga kababayan at lubos na mapaunlad ang bayan ng Roxas ay pumasok sa pulitika nang siya ay maitalagang Punong Bayan noong Abril 21, 1986 hanggang Enero 31, 1988;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan, ipinakita nya ang dedikasyon sa tungkulin at sinikap na mapanatili ang kapayapaan at kaayusan ng bayan sa pamamagitan ng pagpapairal sa mga itinakdang batas at pagmumulat sa mga mamamayan ng kahalagahan ng isang disiplinadong pamayanan;

SAPAGKAT, bilang Punong Bayan, ang Kgg. Rodolfo V. Dayanghirang ay nag-ukol din na panahon at kakayahan upang paunlarin ang bayan ng Roxas sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga namumuno sa pamahalaang nasyonal at lokal gayundin ang pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;


VIOLETA L. DIMAPILIS


CESAR T. BATICOS


FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, ang Kgg. Rodolfo V. Dayanghirang, ay naging isang mabuti at responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na asawa sa kanyang kabiyaq kung saan ang kanyang paglisan ay lubhang dinaramdam ng mga naiwan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng baying ito, ang mga namumuno at mga kawani ay lubos na ngpapahayag ng pagkilala at pasasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni Kgg. Rodolfo V. Dayanghirang sa mga mamamayan ng bayang ito kasabay ng pagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pagdadalamhati sa kanyang mga naulila.

DAHIL DITO, sa mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang taos pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong naging Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. Rodolfo V. Dayanghirang


IPINASYA RIN ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay Engr. Girlie Perez Dayanghirang, mga anak at kaanak ng namayapang Kgg. Rodolfo V. Dayanghirang lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay : 25 Setyembre 2017


PINATITUNAYAN KO ang kawastuan ng katitikang ito.


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Sangguniang Bayan Member/
Presiding Officer Pro-Tempore

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Punong Bayan